



# Kapag Ang Mga Bata Ay Nagsasalita Ng Higit Sa Isang Wika



**best start**  
**meilleur départ**

by/par health **nexus** santé



Bilang isang magulang ng isang bata na matututo ng dalawa o higit pang mga wika, maaring mayroon kang mga katanungan. Itong patnubay ay magbibigay sa iyo ng impormasyon batay sa mga pananaliksik upang makatulong sa iyo.

Ang wika ay ang pinakamahusay na kagamitan upang tulungan ang iyong anak na makagawa ng mabuti sa paaralan at sa buhay.

Maraming mga bata ay natututo ng higit sa isang wika. Ang ilan ay natututo pa ng higit sa dalawang wika. Mga pananaliksik ay nagpapakita na ang mga bata na may mas mahusay na kasanayan sa wika, sa alinmang wika, ay mas malamang na:

- ◆ Mas mahusay bumuo ang kanilang utak.
- ◆ Magkaroong mas matatag na pagmamahal sa kanilang mga magulang.
- ◆ Magkaroong mas mahusay na mga kasanayan sa komunikasyon.
- ◆ Handang-handa para sa pag-aaral.



## Ang Pagkakatuto ng Dalawang Wika Ay Maaaring Mangyari sa Anumang Edad

Ang mga sanggol sa buong mundo ay matagumpay na natututong magsalita ng dalawang wika. Ang pagkakatuto ng ikalawang wika ay maaaring mangyari sa anumang edad (mula sa kapanganakan o kinamamayaan) at sa iba't ibang mga kapaligiran (sa bahay, sa daycare, sa paaralan, sa komunidad).

Ang mga bilingguwal na mga sanggol at mga bata ay nagkakamit ng milyahe ng wika sa parehong edad ng mga bata na natututo ng isang wika. Nguni't huwag asahan na ang iyong anak ay makakaabot ng parehong antas ng mga kasanayan sa parehong mga wika ng isang bata na may isa lamang wika. Ang pagiging bilingguwal ay nangangailangan ng panahon!

Ang mga pag-aaral ay nagpapakita na ang pinakamabuting panahon na matuto ng dalawang wika ay bago ang 7 taong edad. Mas madali para sa mga bata na matuto ng dalawang wika mula sa kapanganakan. Maari mo ring simulan na ilantad ang mga bata sa dalawang wika sa panahon ng pagbubuntis.

Kapag ang mga magulang ay nagsasalita ng dalawang wika ang kanilang hindi pa isinisilang na sanggol ay nakakarinig ng iba't ibang mga tunog na inihahanda ang kanilang utak na matuto ng dalawang wika.



Ang mga bata ay pinakamabuting natututo ng wika mula sa mga tao na matatas at nagsasalita ng mabuti sa bawat wika.

Ang mga bata ay natututo ng wika kapag madalas nilang naririnig ang wika at maaari nilang madalas pagsanayan ang wika.

## Paano Natututo Ang Mga Bata Ng Dalawang Wika

Ang pagkakatuto ng dalawang wika ay nangangailangan ng PANAHAON at maraming MGA PAGKAKATAON upang magsanay. Kung ang iyong anak ay natututo ng dalawang wika o pati na rin ikatlong wika, kinakailangan ng iyong anak na marinig na madalas GAMITIN ang bawat wika ng ibang tao. Kinakailangan din ng iyong anak na MAGSANAY na magsalita ng bawat wika.

Ang pagdinig sa pagsasalita ng mga matatanda ay hindi sapat upang matuto ng mga wika. Ang paglalagay ng mga musmos na bata sa harap ng mga puting-tabing (telebisyon, kompyuter at mga elektronik na palaro) ay hindi inirerekomenda. Kinakailangang gamitin ng mga bata ang mga wika sa pang-araw-araw na mga aktibidad (hal. habang binibihisan, naglalaro, pagpunta sa parke) habang nakikipagkatuwaan sa mga taong nagmamalasakit sa kanila.

Kausapin mo ang iyong anak sa wika na sa pakiramdam mo ay natural sa iyo. Tandaan na ikaw ay ang pinakadakilang guro ng iyong anak. Kapag ginagamit mo nang madalas ang iyong unang wika at habang nagkakaroon ng kasiyahan, nais rin gamitin nito ng iyong anak.

### Piliin ang pinakamahusay na opsyon para sa iyong pamilya

- 1. Isang magulang-isang wika:** Isang magulang nagsasalita ng isang wika sa bata; ang ibang magulang nagsasalita ng ibang wika sa bata.
- 2. Isang lugar-isang wika:** Isang wika ginagamit sa bahay; ibang wika ginagamit sa araw sa daycare o sa paaralan.
- 3. Isang aktibidad-isang wika:**
  - a. Parehong magulang nagsasalita ng isang wika sa araw at nagsasalita ng ibang wika sa gabi.
  - b. Isang wika ay ginagamit ng madalas sa bahay nguni't ibang wika ay sinasalita sa maikling oras ng aktibidad sa komunidad (hal. oras ng kuwento sa Ingles sa aklatan ng isang beses sa isang linggo).

### Mga kadahilanan na tutulong sa iyong anak na matuto ng pangalawang wika

- ◆ Positibong mga karanasan
- ◆ Pamamaraan ng pagtututo
- ◆ Personalidad
- ◆ Palagay sa ibang wika
- ◆ Pagkaganyak na matuto
- ◆ Kalidad ng wika na ginagamit ng mga matatanda
- ◆ Tagal na naririnig at sinasalita ng bawat wika

## Ang Iba't Ibang Mga Paraan Sa Pagkakatuto ng Mga Bata ng Dalawang Wika

Ang pagkakatuto ng dalawang wika ng sabay mula sa kapanganakan (simulatneous learning [sabay-sabay na pag-aaral]):

Ilang mga bata ay natututo ng dalawang wika bago ng 3 taong gulang.



*“Ang aking 18 buwang anak na babae, si Maria, ay natututo ng Espanyol at Pranses mula nang kapanganakan. Ako ay nagsasalita ng Espanyol sa kanya at ang kaniyang ama ay nagsasalita ng Pranses sa kanya.*

*Sa 18 buwan, si Maria ay may 30 salita: 15 salita sa Espanyol at 15 iba't ibang mga salita sa Pranses. Nangangahulugan na ginagamit niya ang wika nang mabuti. Minsan, siya ay nagkakamali sa parehong wika nguni't ito ay normal at inaasahan kapag natututo ng dalawang wika na sabay.*

*Kami ay msayang-masaya na siya ay bilingguwal. Ang pagsasalita sa Pranses at Espanyol ay mahalaga sa amin. Alam ko ito ay nakakatulong sa pagkakatulapit niya sa kaniyang lolo't lola na ang pangunahing wika ay Espanyol. Ito'y masaya rin para sa kanya dahil siya ay nakakapaglaro sa mga Pranses at Espanyol na mga kaibigan.”*



## Pagkakatuto ng pangalawang wika pagkatapos ng pagkatuto ng unang wika (sequential learning [nanggagalaing pagkakatuto]):

Ang ilang mga bata ay natututo ng isang wika sa isang panahon. Ang pangalawang wika ay karaniwang natutunan pagkatapos ng 3 taong edad. Ang pangalawang wika ay maaaring matutunan sa daycare, sa paaralan o sa isang miyembro ng pamilya.

*“Ang aking anak na lalaki si Chen ay 3 taong gulang. Kami ay nagsalita sa kaniya ng Mandarin sa bahay mula sa kapanganakan. Nakaraang 5 buwan, nagsimula siya ng daycare kung saan siya ay natututo ng Ingles bilang pangalawang wika.*

*Sa umpisa, si Chen ay gumamit ng Mandarin na mga salita sa daycare. Ngunit wala sa mga guro ay nakapagsasalita ng Mandarin. Kaya, siya ay tumigil sa paggamit nito sa daycare at naging tahimik ng mga 4 na buwan. Sa bahay, nakikipag-usap siya sa lahat ng oras.*

*Ang mga guro ay hindi nag-aalala dahil alam nila na sinusubukan niya kung paano gamitin ang Ingles. Maraming mga bata na nag-aaral ng pangalawang wika ay mayroong panahon ng katahimikan na maaaring tumagal ng 6 na buwan. Pagkatapos na makipag-usap sa amin, nalaman rin nila na, sa Mandarin, si Chen ay gumagamit ng maraming mga salita at nagsasalita ng 4 hanggang 6 na salitang pangungusap.*

*Kamakailan lamang, napansin ng kaniyang guro na siya ay nagsisimulang gumamit ng mga salita tulad ng “Hi, Bye, cow, cat, blue, eat, thirsty” at maliliit na pangungusap (hal. “don’t know”, “what’s that?”). Alam natin na ang pagkakatuto ng Ingles ay nangangailangang ilang panahon at siya ay magkakamali, nguni’t alam natin iyon, at hindi maglalaon, siya ay maaaring gumamit ng parehong wika nang mabuti.”*



Bawat pamilya ay dapat gumawa ng pinakamahusay na pasya batay sa pamumuhay ng kanilang pamilya, kanilang sitwasyon, kanilang mga paniniwala, kanilang kultura at kanilang kasanayan sa bawat wika. Kapag ikaw ay nakapag-pasya, itaguyod ang iyong desisyon. Ito ay ang pinakamahusay para sa iyong pamilya.

## Ano ang Dapat Asahan Kapag ang Isang Bata ay Natututo ng Dalawang Wika



Ang pagkakatatuto ng dalawang wika sa bahay ay hindi sanhi ng pagkalito o isang problema ng wika sa mga bata. Nguni't, tandaan ang mga bata ay kailangang makarinig at magsanay sa pagsasalita ng bawat wika nang madalas upang maging mahusay dito. Ang mga bata ay pinakamahusay natututo ng wika mula sa mga tao na mahusay na nagsasalita ng wika. Kung hindi matatas magsalita ng Ingles o Pranses ang mga magulang, kailangang gamitin nila ang kanilang unang (mga) wika. Ang mahusay na pagkakatatuto ng isang wika ay mas mabuti kaysa sa hindi mahusay na pagkakarinig at pagkakatatuto ng pangalawang wika. Sa mahusay na pagkatuto ng unang wika, ang mga bata ay maaaring mas madali na matuto ng pangalawang wika sa labas ng kanilang bahay tulad ng daycare, paaralan at ibang mga programa ng komunidad.

Ang mga pagsisiyasat ay nagpapakita na ang mga bata na may pagkaantala sa wika ay maaaring matuto ng dalawang wika. Hindi sila mas naaantala kung sila ay nakakarinig o natututo ng dalawang wika. Subali't ang kanilang mga paghihirap sa pagsasalita at wika ay maririnig sa parehong wika. Kahit may pagkaantala sa wika ang iyong anak, magpatuloy na gamitin ang parehong wika. Kung limitahan mo sa isang wika ang iyong anak, maaaring bawasan nito ang mga pagkakataon upang ang iyong anak ay makapagsalita, makapaglaro at makilala ang ibang mga miyembro ng iyong pamilya o mga tao sa komunidad.



Normal para sa lahat na mga bata na nag-aaral ng pangalawang wika na:

- ♦ **Mas gamitin ang isang wika kaysa sa isa.** Nangyayari ito kapag ang iyong anak ay naririnig at sinasalita nang mas madalas ang wika na iyon. Kung ikaw at iyong kabiyak ay nagsasalita ng dalawang magkaibang wika, ang “isang magulang-isang wika” na diskarte ay maaaring makatulong sa iyong anak na magkaroon ng sapat na pagsasanay sa parehong wika, lalo na kapag ang isang wika ay bihirang gamitin sa labas ng bahay. Magpasya kung aling wika ang gagamitin sa pamilya at mga kaibigan.
- ♦ **Paghaluin ang mga salita mula sa parehong wika sa parehong pangungusap.** Sa mga pamilyang gumagamit ng higit sa isang wika, ang mga matatanda at mga bata ay palipat-lipat minsan sa pagitan ng mga wika. Kung palipat-lipat ka sa dalawang wika, maaaring makatulong ang paggamit ng “isang wika-isang aktibidad” na diskarte. Kapag narinig mo na ang iyong anak ay naghahalo ng dalawang wika, bigyan ang iyong anak ng tamang salita na gagamitin. Ang palipat-lipat sa pagitan ng dalawang wika ay hindi sanhi ng pagkaantala.
- ♦ **Gumawa ng mga pagkakamali sa bagong wika hanggang natutunan nila ang lahat na mga patakaran.** Kapag ang iyong anak ay gumawa ng mga pagkakamali (at ito ay mangyayari), simpleng ulitin ang paggagamit ng tamang mga salita o mas mahusay na pangungusap.
- ♦ **Mawawala ang unang wika.** Habang nagiging mahusay ang mga bata sa paggamit ng bagong wika, maaaring itigil nila ang paggamit ng kanilang unang wika. Kahit nagsimula na ang iyong anak sa daycare o paaralan, patuloy na makipag-usap sa iyong anak sa iyong unang wika sa bahay. Ang wika ay isang mahalagang bahagi sa buhay ng pamilya, mga tradisyon at kultura. Kapag ang isang bata ay nawalan ang kanilang unang wika, ito ay maaaring makaapekto sa kaniyang pakiramdam ng pagkakakilanlan. Magplano ng mga aktibidad sa iyong unang wika sa iyong pamilya at iyong komunidad. Gantimpalaan ang pagsisikap ng iyong anak sa paggamit ng iyong unang wika ng isang “high-five”, isang yakap o isang puna tulad ng “Natutuwa ako na marinig kang nagsasalita ng Tagalog.”

Tandaan, ang pagkakatatuto ng dalawang wika ay nangangailangan ng panahon at pagsasanay. Kaya, panatilihin ang paggamit ng iyong unang (mga) wika sa bahay. Pag-usapan ang mga interes ng iyong anak. Magbasa, maglaro at kumanta upang paunlarin at panatilihin ang unang wika ng iyong anak.



Photo credit: Simon Blackley (CC)

## Ang Mga Benepisyo sa Pagkakatuto ng Dalawang Wika

Ang pagkakatuto ng dalawang wika ay parang isang ehersisyo ng kaisipan; ito ay nagpapalakas sa kapangyarihan ng utak. Ang mga saliksik ay nagpapakita na ang pagiging bilingguwal ay nagpapalakas ng utak, higit sa lahat sa mga lugar ng WIKA, ISIPAN at PANSIN.

### Ang mga bata na natututo ng dalawang wika ay:

- ◆ May mas mahusay na kasanayan sa wika at pakikinig.
- ◆ Mas mahusay sa pagbabasa at pagsusulat.
- ◆ Mas malikhain.
- ◆ Mas mahusay sa kasanayan sa sabay-sabay na gawain.
  - ◆ Mayroong matalas na memorya.
  - ◆ Mas mahusay sa paglutas ng mga problema.
    - ◆ Mayroong pagkakataong magkaroon ng mas maraming kaibigan.
    - ◆ Makakahanap ng mas mahusay na trabaho sa kinamamayang buhay.





## Mga Estratehiya



### Makipag-usap sa Iyong Anak sa Iyong Unang Wika

- ◆ Ang pakikipag-usap sa iyong anak sa iyong unang wika ay nagbibigay sa iyong anak ng pinakamahusay na modelo ng wika. Maaari mong ipaliwanag nang mas mahusay ang mga ideya, gamitin ang mas kumplikadong mga salita, magbahagi ng mga biro, magtanong at maging mas natural sa iyong unang wika.
- ◆ Panatilihin na nagsasalita sa iyong unang wika, kahit na ang iyong anak ay nagsimula na sa daycare o sa pag-aaral at kahit na siya ay sumasagot sa ibang wika.
- ◆ Kapag ang iyong anak ay nagsimula na sa daycare o sa pag-aaral, ibahagi ang mga salita mula sa iyong unang wika sa guro na maaring gamitin ng iyong anak tungkol sa mga pangangailangan o mga nararamdaman (hal. “tubig”, “masakit”, “banyo”). Ito ay makakatulong sa guro na maunawaan ang iyong anak.
- ◆ Makipag-usap tungkol sa iyong pamilya at iyong kultura sa iyong anak. Makipag-usap tungkol sa kamakailan o nakaraang mga kaganapan ng pamilya at tungkol sa mga tradisyonal na musika, pananamit o pagkain.



### Magbasa ng Mga Libro sa Iyong Unang Wika

- ◆ Madalas magbasa ng mga libro. Magbasa sa kanila sa iyong unang wika.
- ◆ Sabihin ang mga kuwento natutunan mo ng bata ka sa iyong unang wika. Mga libro at pagkukuwento ay nakakatulong sa mga bata na bumuo ng kasanayan sa pakikinig, pag-iisip, wika at pagbabasa.
- ◆ Makipag-usap tungkol sa mga larawan sa libro. Maghalinhinan sa pakikipag-usap tungkol sa mga larawang ito. Matututo ang iyong anak ng mga bagong salita sa iyong unang wika.
- ◆ Panatilihin ang pagkakaroon ng mga babasahin sa paligid ng bahay (mga komiks, mga magasin, mga kahon ng seryal).
- ◆ Kumuha ng isang library kard at bisitahin ng madalas ang aklatan. Ang mga libro ay nakukuha sa iba’t ibang mga wika.



### Maglaro at Kumanta sa Iyong Anak sa Iyong Unang Wika

- ◆ Kapag ang iyong anak ay naglalaro, siya ay natututong maghalinhinan, sundin ang mga tagubilin at gumamit ng mga salita sa kaniyang unang wika habang nagkakaroon ng kasiyahan.
- ◆ Makipagkita sa mga kaibigan at pamilya upang magbigay ng mas maraming pagkakataon sa iyong anak na gamitin ang kaniyang unang wika sa mga masayang aktibidad.
- ◆ Awitin ang mga tradisyonal na awit sa iyong unang wika. Ipaliwanag ang mga bagong salita at pag-usapan ang mga kahulugan ng mga awit.
- ◆ Paulit-ulit na pakinggan ang mga awitin at musika sa iyong unang wika o parehong mga wika. Natututo at gusto ng mga bata ang paulit-ulit.
- ◆ Maghanap ng mga programa ng mga bata sa mga sentro ng komunidad o sa aklatan na nag-aalok ng mga aktibidad sa iyong unang wika.

## Mga Mapagkukunan

**Preschool Speech and Language Program (Programa sa Pagsasalita at Wika sa Preschool):** Kung ikaw ay nababahala tungkol sa mga kasanayan sa pakikipag-usap ng iyong anak, makipag-ugnay sa iyong lokal na programa. [www.children.gov.on.ca/htdocs/English/topics/earlychildhood/speechlanguage/locations.aspx](http://www.children.gov.on.ca/htdocs/English/topics/earlychildhood/speechlanguage/locations.aspx)

**Ministry of Children and Youth Services (Mga Serbisyo ng Ministryo ng Mga Bata at Kabataan):** Itong website ay nagbibigay ng impormasyon sa 16 na magkakaibang wika sa mga milyahe at mga tip upang makatulong sa iyong anak sa pagkatuto ng wika. [www.children.gov.on.ca/htdocs/English/topics/earlychildhood/speechlanguage/index.aspx](http://www.children.gov.on.ca/htdocs/English/topics/earlychildhood/speechlanguage/index.aspx)

**Nipissing District Developmental Screen (NDDS):** Mga listahan ng pagsisiyasat sa pag-uunlad para sa mga sanggol at mga bata hanggang 6 na taong gulang at mga tip ng aktibidad ay makukuha sa website na ito. Ang listahan sa pagsisiyasat ay makukuha sa Ingles, Pranses, Espanyol, Intsik at Vietnamese. [www.ndds.ca/ontario.html](http://www.ndds.ca/ontario.html)

**Best Start Resource Centre (Sentro ng Mapagkukunan ng Pinakamahusay na Simula):** Itong website ay nag-aalok ng maraming mga mapagkukunan para sa mga magulang at may ilan ay sa maramihang wika. [www.beststart.org/resources/hlthy\\_chld\\_dev/index.html](http://www.beststart.org/resources/hlthy_chld_dev/index.html)

♦ **Paglaki sa isang bagong bansa:** isang patnubay para sa mga magulang na bagong dating. Tingnan ang mga pahina 16-18.

♦ **Pag-aaral na Maglaro at Paglalaro upang Matuto:** Ano ang Maaaring Magawa ng Mga Pamilya. Tingnan ang pahina 14 at lampas para sa impormasyon tungkol sa kahandaan ng pag-aaral at pag-uunlad ng wika.

**Bilingguwal na mga unggoy:** Para sa mga ideya at inspirasyon sa paglaki ng mga bilingguwal na mga bata (“na hindi ka mababaliw”). [www.bilingualmonkeys.com/my-materials/](http://www.bilingualmonkeys.com/my-materials/)

**Pamumuhay ng maraming nalalamang wika:** Tinatalakay ang mga dahilan kung bakit kailangan mong tulungan ang mga bata na matuto ng isang wika habang sila ay napakabata. [www.multilingualliving.com/](http://www.multilingualliving.com/)

**Fédération des parents francophones de Colombie-Britannique:**

Isang hanay na mga mapagkukunan at mga sanggunian tungkol sa pag-uunlad ng bilingguwal na wika sa mga kabataan namumuhay sa mga minorityang kapaligiran. <http://developpement-langagier.fpfcb.bc.ca/en>

**Ontario Early Years Centre (Sentro ng Ontario ng Mga Unang Taon):** Lugar ng Early Years Centres (Mga Sentro ng Mga Unang Taon). Upang hanapin ang pinakamalapit na lugar [www.oeyc.edu.gov.on.ca/locations/index.aspx](http://www.oeyc.edu.gov.on.ca/locations/index.aspx)

**Ontario Public Health Units (Mga Yunit ng Kalusugang Pampubliko ng Ontario):** Upang makipag-ugnay sa isang Nars ng Kalusugang Pampubliko at malaman ng higit pa tungkol sa mga aktibidad at suporta sa iyong komunidad. <http://www.health.gov.on.ca/en/common/system/services/phu/locations.aspx>



你好





## Mga Pagpapasalamat

The Best Start Resource Centre (Sentro ng Mapagkukunan ng Pinakamahusay na Simula) ay nagpapasalamat kay Roxane Bélanger, Speech Language Pathologist sa pananaliksik at pagsulat nitong mapagkukunan. Salamat din sa mga taong nagbigay ng impormasyon habang binubuo itong mapagkukunan:

- ◆ Alka Burman, Early Literacy Specialist, Human Services, Peel Region
- ◆ Darlene O’Riordan, Speech-Language Pathologist
- ◆ Elizabeth Lightford, RECE, M.Ed.
- ◆ Laurie-Ann Staniforth, M.P.O, Reg CASLPO, Co-Clinical Coordinator, Speech Language Pathologist, First Words
- ◆ Valerie Rhomberg, Manager, Academic Programs, Mothercraft College

Namumuno ng Best Start Resource Centre: Marie Brisson

*Nais din namin magpasalamat sa mga magulang at mga dalubhasa na nagbigay ng impormasyon para sa libritong ito.*



**best start**  
**meilleur départ**

by/par health **nexus** santé

[www.beststart.org](http://www.beststart.org)



привет

*Itong dokumento ay inihanda na may mga pondong ibinigay ng Pamahalaan ng Ontario. Ang mga impormasyon dito ay sumasalamin sa mga pananaw ng mga may-akda at hindi nangangahulugang sumsalamin sa pananaw ng Pamahalaan ng Ontario. Ang mga mapagkukunan at programang nabanggit sa patrubay na ito ay hindi nangangahulugang kasang-ayon ang Best Start Resource Centre o Pamahalaan ng Ontario*